



Wika at Pagkakaisa: Maaari Bang Magbuklod ang Pagkakaiba-iba ng mga Wika sa Pilipinas?

Lizabeth G. Ringor

Zamboanga Peninsula Polytechnic State University, R.T. Lim Boulevard, Baliwasan Zamboanga City 7000

Corresponding email: lringor@zpps.edu.ph

Ang Pilipinas ay isang bansang binubuo ng maraming wika, kultura, at kasaysayan. Sa bawat rehiyon ay may mga wikang nagdadala ng sariling alaala, pananaw, at paraan ng pamumuhay. Sa ganitong kalagayan, madalas na itinatanong kung ang linguistic diversity ba ay hadlang sa pambansang pagkakaisa. Ngunit maaaring baligtarin ang tanong: Maaari bang maging pundasyon mismo ng pagkakaisa ang pagkakaiba-iba ng mga wika?

Ang wika ay hindi lamang instrumento ng komunikasyon. Ito ay konektado sa identidad, kapangyarihan, edukasyon, at pakikilahok sa lipunan. Sa pagsusuri nina Zeng at Li (2023) sa kasaysayan ng language policy and planning sa Pilipinas, ipinakita na magkakasabay na umiral ang iba't ibang ideolohiya gaya ng linguistic assimilation, vernacularization, linguistic pluralism, at internationalization. Ipinakita rin nila na ang mga patakaran sa wika ay may mahalagang papel sa paghubog ng national identity, ngunit kailangan ng multilingual societies ang mga patakarang kumikilala at gumagalang sa linguistic diversity.

Sa kasaysayan, ang Filipino ay binigyan ng mahalagang papel sa nation-building. Ang pagkakaroon ng pambansang wika ay nagbigay ng common linguistic space para sa mga mamamayang nagmumula sa iba't ibang rehiyon. Gayunman, ang pagkakaroon ng common language ay hindi nangangahulugang kailangang mawala ang mga lokal na wika. Sa halip, maaaring magsilbing tulay ang Filipino habang nananatiling buhay ang mga wikang rehiyonal at katutubo.

Makikita ang hamong ito sa mga multilingual classroom. Sa pag-aaral nina Ponce at Lucas (2024) sa Central Mindanao, natuklasang mas madalas gamitin ng mga multilingual learners ang Tagalog kaysa sa kanilang mother tongues, at kapwa mga mag-aaral at magulang ay nagpakita ng positibong pananaw sa paggamit ng Tagalog bilang medium of instruction dahil nakatutulong itong tugunan ang multilingual nature ng kanilang komunidad. Gayunpaman, binigyang-diin ng mga mananaliksik na maaaring magkaroon ito ng hamon sa pagpapanatili ng local languages.

Ipinapakita nito na maaaring maging instrumento ng pagkakaisa ang isang lingua franca, ngunit kailangang maging maingat upang hindi nito mapalitan ang mga wikang bumubuo sa lokal na identidad. Ang pagkakaisa ay hindi dapat mangahulugan ng pagkakapare-pareho. Maaaring magkaisa ang mga Pilipino habang patuloy na nagsasalita ng Cebuano, Ilocano, Hiligaynon, Waray, Tausug, Maranao, Chavacano, at marami pang ibang wika.

Mahalaga rin ang mga pananaw ng mga tagapagsalita sa iba't ibang wika. Sa pag-aaral ni Ponce (2025) sa multilingual speakers mula sa southern Philippines, kabilang ang Maguindanaon, Hiligaynon, Iranun, Maranao, at Cebuano, nakita ang positibong social associations na nakakabit sa English, ngunit nananatili rin ang kamalayang may colonial history ang mataas na pagpapahalaga rito. Ipinapakita nito na ang language attitudes ay maaaring maimpluwensiyahan ng kasaysayan, oportunidad, at social status.





Samantala, ipinakita nina Sicam at Lucas (2016) sa kanilang pag-aaral sa adolescent Filipino bilingual learners na parehong mataas ang positibong attitudes ng mga mag-aaral sa English at Filipino. Ipinahihiwatig nito na hindi kinakailangang piliin ng kabataan ang isang wika lamang. Maaaring magkaroon sila ng positibong orientation sa parehong Filipino at English habang ginagamit ang mga ito para sa magkakaibang layunin.

Mayroon ding panganib na ang pagkakaiba sa wika ay maging dahilan ng prejudice. Sa pag-aaral nina Quinto et al. (2024) tungkol sa regional accents ng Philippine English, mas positibong tinanggap ng mga tagapakinig ang Tagalog English kaysa Cebuano English at Ilocano English sa ilang social judgments. Ipinakikita nito na kahit sa loob ng isang multilingual na bansa, maaaring magkaroon ng linguistic hierarchy kung saan ang isang variety ay itinuturing na mas pamantayan o mas kanais-nais kaysa sa iba.

Kung gayon, ang tunay na hamon ay hindi kung paano gawing iisa ang wika ng Pilipinas. Ang hamon ay kung paano bubuo ng isang lipunang kayang makinig sa maraming tinig. Kailangang suportahan ng edukasyon ang multilingualism, igalang ng mga institusyon ang local languages, at gamitin ang Filipino bilang tulay sa halip na instrumento ng linguistic exclusion.

Ang pagkakaisa ay hindi nangangailangan ng iisang tunog. Para itong isang awit na binubuo ng maraming tinig. Sa Pilipinas, ang Filipino ay maaaring maging isang mahalagang himig ng pambansang komunikasyon, ngunit ang mga wikang rehiyonal at katutubo ang nagbibigay ng lalim, kulay, at kasaysayan sa kabuuang awit.

Sa huli, hindi hadlang ang maraming wika sa pagiging isang bayan. Ang tunay na hadlang ay ang paniniwalang kailangang mawala ang isang wika upang marinig ang isa pa. Ang Pilipinas ay maaaring maging isang bansa na nagkakaisa hindi dahil pare-pareho ang paraan ng pagsasalita nito, kundi dahil natutunan nitong pahalagahan ang bawat tinig.

References

- Ponce, A. R. C. (2025). *Colonial mindset, appropriation, and emotion: Language attitudes towards English of multilingual speakers in southern Philippines*. *International Journal of Multilingualism*, 22(3), 1943–1959. <https://doi.org/10.1080/14790718.2025.2475371>
- Ponce, A. R. C., & Lucas, R. I. G. (2024). *Language attitudes in linguistically diverse contexts: Implications for mother tongue education programme in Central Mindanao, Philippines*. *Journal of Multilingual and Multicultural Development*, 45(5), 1581–1595. <https://doi.org/10.1080/01434632.2021.2002341>
- Quinto, E. J. M., Ong, A. K. S., Yabut, G. U., Muralla, G. A. M., Valenzuela, R. A. J., & Villariba, Y. D. C. (2024). *Prejudice towards regional accents of Philippine English*. *English World-Wide*, 45(2), 133–154. <https://doi.org/10.1075/eww.00091.qui>
- Sicam, F. P. M., & Lucas, R. I. G. (2016). *Language attitudes of adolescent Filipino bilingual learners towards English and Filipino*. *Asian Englishes*, 18(2), 109–128. <https://doi.org/10.1080/13488678.2016.1179474>
- Zeng, J., & Li, X. (2023). *Ideologies underlying language policy and planning in the Philippines*. *Humanities and Social Sciences Communications*, 10, 405. <https://doi.org/10.1057/s41599-023-01911-8>

DETALYE NG ARTIKULO

T-0000015; Natanggap: March 2, 2026; Tinanggap: March 3, 2026; Nailathala: March 5, 2026

SIPI:

Ringor, L. G. (2026). *Wika at Pagkakaisa: Maaari Bang Magbuklod ang Pagkakaiba-iba ng mga Wika sa Pilipinas?* *Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay*. DOI: 10.64591/gc8nwf95

KARAPATANG-AUTOR

© 2026 ng may-akda. Ang *Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay* ay inilathala ng Harness Mind Publishing. Ito ay isang Open Access na artikulo na ipinamamahagi sa ilalim ng mga tuntunin ng Creative Commons Attribution License (<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>), na nagpapahintulot sa muling pamamahagi at pagpaparami sa anumang anyo o midya, basta't kinikilala ang orihinal na akda.